# 1

Summer ang paboritong season ni September. Sa panahon kasing iyon siya nakakapunta sa villa ng ninong niya sa Zambales na malapit sa beach. Kinasanayan na niya ang pagpunta roon at kinaiinipan ang mga araw na kailangang palipasin upang muling makatapak doon.

Mayroong apat na palapag at dalawampu't limang kuwarto ang bahay. Ang kabuuan nito, kasama ang buong bakuran ay kasing-laki ng Malacañang. Ang alam niya ay marami pang ibang bahay at lupain ang kanyang ninong bukod sa villa na iyon.

Ngunit kung dati ay masaya siya sa tuwing dadalaw sa villa, ngayon ay kabaligtaran na. Pumanaw ang ninong niya dahil sa matagal nang sakit nito sa puso. The death of her godfather came as a shock, masigla pa kasi ito noong huling dalaw niya. Nalaman na lamang ni September ang balita dahil sa abogado nito at agad siyang pinapupunta para sa burial.

"Seph, kumpleto na ba ang gamit mo?" tanong ng ina niyang si Emily pagkapasok sa kuwarto ng

dalaga. 'Seph' is short for September; iyon ang ipinangalan sa kanya dahil ipinanganak siya sa buwang iyon.

With her light makeup, her mother looked ten years younger than she should have. Nagtatrabaho kasi ito sa isang women's magazine bilang editor kaya naman hindi nakapagtataka na alaga nito ang sarili.

"O, baka may nakalimutan ka, i-check mo muna." Sinuri ni Emily ang closet niya kung may nakalimutan siyang isama sa mga dadalhin.

"Ma, na-double check ko na po," sagot niya habang nakangiti rito. "Wala namang kulang."

Muli siyang umikot sa harapan ng salamin upang tingnan ang sarili. Simpleng puting t-shirt na tinernuhan ng skinny jeans at flat na sapatos ang suot niya. Kinuha na niya ang kanyang brown body bag at isinuot iyon.

Nasa magkasalungat na direksyon silang mag-ina, sophisticated ito at plain naman siya. Kahit na malaki ang pagkakahawig nilang dalawa ay malaki ang pagkakaiba ng kanilang taste sa maraming bagay. Maputi siya at lagpas sa balikat ang kanyang straight na hindi kaitimang buhok. May height na five

feet and four inches at may slim na pangangatawan. Simple lamang siya kung titingnan, hindi masyadong attractive. Hindi stand out ang beauty niya, pero hindi naman siya kulelat sa bagay na iyon.

"Seph, sweetie," untag ng ina sabay lapit sa kanya at hinawakan siya sa magkabilang balikat. "Pagdating mo sana sa villa, h'wag mong kalilimutang isuot ang mga ipinagbilin ko sa 'yo para naman maayos kang tingnan doon. Siguradong maraming kilalang tao na pupunta doon, makibagay ka at baka mapagkamalan kang maid. Tandaan mo kung ano'ng trabaho ni Mama. Baka sabihin nila, pinababayaan kita. Hmm?" bilin nito na animo ten years old ang kausap.

Napabuntong-hininga si September. Hindi ito ang unang pagkakataon na sinabi nito ang ganoon. Gusto kasi nitong magbihis siya at gumalaw katulad ng mga modelo nito sa magazine. Isa iyon sa napakaraming mga bagay na pinagtatalunan nila. Silang dalawa na lang kasi ang magkasama sa buhay. Namatay sa car accident ang kanyang ama noong anim na taong gulang pa lamang siya. Kaya mula sa pagiging simpleng housewife ay napilitan itong magtrabaho upang may maipangtustos sa kanilang pang-araw-araw na gastusin lalo na sa pag aaral niya.

Dahil bata at maganda ang kanyang mama ay marami ang nanliligaw rito. Mabuti na lang at wala namang pumapasa sa taste nito, marahil ay mahal pa nito ang nasirang asawa.

"Yes, Ma. Hindi ko po nakakalimutan," napilitang tugon ng dalaga. Kilala niya ito; kung makikipagtalo pa siya, tiyak na hindi siya makakaalis kaagad. "I promise gagawin ko ang mga bilin n'yo."

Sumilay ang matamis na ngiti sa mga labi nito dahil doon.

"Ate, handa na daw po ang sasakyan," saad ng kanilang kawaksi. "Nandoon na rin po ang mga bagahe sa loob."

"Okay, salamat," sagot ni Seph. Tumango ito at lumabas na ng kuwarto. "O, pa'no, Ma, tayo na sa 'baba," yakag niya habang umaabrisiete rito. Sabay silang lumabas ng silid at bumaba sa mahabang hagdanan.

Sa tapat ng pintuan ng malaking bahay naghihintay ang bago niyang kotse. Ang dream car niyang silver na *Volvo C30* model. Ito ang gift niya sa sarili nang maka-graduate siya sa course na business management. Halos maubos ang lahat ng savings niya sa bangko na matagal din niyang inipon

para sa sarili. Mabuti na lang at nagprisinta ang ina na bayaran ang kalahati ng presyo ng sasakyan. Malaking tulong para sa kanila ang pagkakaugnay nito sa fashion industry dahil sa mga discount at free stuff na nakukuha nila.

“Tumawag ka kapag nakarating ka na sa villa, okay? I’ll miss you.” Pagkasabi niyon ay niyakap siya nito nang mahigpit. Sasama sana ito sa kanya sa Zambales, pero nagkataon naman na may aasikasuhin itong launching ng issue ng magazine.

Kumalas ito sa kanya at saka siya nagtungo sa kanyang kotse.

“Be careful, honey,” habol ni Emily.

SA VILLA, abalang-abala ang mga katulong dahil sa pag-aasikaso sa mga bisita na nakatanggap ng tawag mula sa abogado ng yumaong señor. Mga kamag-anak, kaibigan at kasama sa hanap-buhay ni Señor Al ang karaniwang bumisita sa memorial chapel kung saan nakalagak ang mga labi nito. Tumutuloy naman sa villa ang mga ito pagkatapos upang makapagpahinga. Karamihan sa mga ito ay hindi pa rin makapaniwala sa nangyari sa matanda.

Lumikha naman ng bulung-bulungan ang

pagdating ng tagapagmana nito na si Jacob dela Vega. Ito ang nag-iisang anak ni Señor Al. Matagal itong nawala sa Pilipinas at walang nakakaalam kung saan ito tumira, kahit ang sarili nitong ama. Hindi naman kasi gawain ng dalawa ang magkumustahan o magkuwentuhan dahil parehong aloof ang ugali ng mga ito. Nakadagdag pa roon ang pagiging sakit sa ulo ni Jacob sa señor. Nagsimula ang paglayo nila sa isa't isa nang mamatay si Señora Alyssa, nagdulot iyon ng malaking pagbabago sa buhay ng dalawa.

Maraming naipundar na negosyo ang pamilya dela Vega. Kilala ang pamilya nito sa pagkakaroon ng mga hotels at restaurants sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Kaya naman ganoon na lamang ang pag-aalala ng mga empleyado ng nasirang señor dahil sa gagawing pamamahala ng anak nito. Hindi kaila sa kanila ang pagiging rebelde ng binata.

Patunay roon ang sasandaling oras na pagtigil nito sa chapel. Wala itong ibang kinausap bukod sa mga kasama nitong kaibigan. Pagkatapos nitong umalis ay wala nang nakakita rito dahil hindi na ito muli pang bumalik sa villa.

"DUDE, ANG BORING naman sa villa mo," reklamo ni Enzo na siyang nagda-drive ng kotseng

sinasakyan nila. "Akala ko pa naman may makikilala akong mga chicks dito?"

"Oo nga. Wala ka bang magandang pinsan man lang?" sabat ni Migs na nasa backseat at makalat na kinakain ang mga biniling chichiria.

"Nagrereklamo ba kayo?" sagot ni Jacob sa naiiritang tono. "Sinabi ko ba na sumama kayo? Umuwi na lang kayo kung gusto n'yo."

Nasa Paris si Jacob kasama ang mga kaibigan nang abutan siya ng tawag ng abogado ng ama. Ikinagulat niya nang labis ang pagpanaw nito. Hindi man sila magkasundo ay hindi naman niya ninais na mawala ito kahit na sumuko ito sa pagiging ama sa kanya. Sapilitan siya nitong ipinadala sa Amerika para mag-aral. Hindi rin niya natapos ang pag-aaral doon, kung hindi detention ay expulsion ang nangyayari sa kanya. Kinasawaan niya ang pagpasok nang maaga sa eskuwela, pati ang mga patakaran doon. Noon pa man ay aksaya lang ng panahon para sa kanya ang pag-aaral. Hindi na niya kailangan ng diploma dahil balang araw ay siya rin naman ang magmamana ng lahat ng kayamanan ng ama. Siya lang kasi ang anak nito.

Wala siyang balak na pamahalaan ang mga negosyo nito. Ano ba ang alam niya sa pagnenegosyo?

Balak nga niya na kausapin ang abogado ng ama upang maibenta ang mga iyon.

"Pare, hahayaan ka ba naman naming umalis nang hindi kami kasama?" sabi ni Jedd habang hindi inaalis ang mga mata sa hawak na *PSP*. "And besides, boring kapag wala ka. Ikaw kasi ang palaging nanlilibre sa grupo," dugtong pa nito, pagkatapos ay malakas na napasigaw hudyat ng pagkapanalo nito sa laro.

"Hah! Sinasabi ko na nga ba," aniya habang nakatingin sa labas ng bintana. Pamilyar ang bawat tanawin sa labas at hindi man niya aminin ay may bumangon na nostalgia sa kanyang puso.

"Mga dude, may nakita na ba kayong gas station?" tanong ni Enzo habang patuloy sa pagda-drive.

"Hindi ba gasoline station 'yon?" turo ni Migs sa di-kalayuan. Sabay-sabay silang napalingon sa direksyon na itinuro nito.

"Ugh! This place got poor taste, man," halos sabay-sabay na reklamo ng tatlo.

"MISS, SUKLI N'YO PO," anang cashier sabay

abot ng pera kay September.

“Thanks,” aniya nang tanggapin iyon. Naubusan siya ng gas kaya tumigil muna siya sa maliit na gasolinahan at bumili na rin ng snacks. Malapit na siya sa villa ng ninong niya. Inabot siya ng ilang oras sa pagda-drive, mag-a-alas onse na ng tanghali pagtingin niya sa wristwatch niya.

Paglabas niya ng mini-store ay malakas na tawanan ang sumalubong sa kanya. Isang pulang convertible na sasakyan ang nakaparada sa likuran ng kotse niya at bumuo ng animo ‘T-position’. Mula roon, bumaba ang apat na lalaki na tuloy pa rin sa pagtawa. Puro may mga hitsura ang mga binata na sa tantya niya ay mas matanda lang sa kanya ng ilang taon. Twenty na siya kaya mga nasa twenty-two or three lang ang edad ng mga ito. Sa apat, isa ang pumukaw ng kanyang atensyon. Hindi lang dahil sa ito ang pinakamatangkad sa grupo kundi sa hindi kapani-paniwalang anyo nito.

Kung ilalarawan niyang mabuti, napakaganda ng mukha nito, maputi na medyo namumula ang makinis na balat nito, matangos ang ilong at may magandang hugis ng mga labi. Kahit na sinong babae ay mapapatulala sa kagwapuhan nito. Nakapagpaangat din sa kakisigan nito ang buhok

na medyo mahaba at umabot hanggang sa dulo ng leeg, natatakpan din ng buhok ang noo nito.

Matangkad ito, kasing-tangkad ng drummer nila sa banda noon na si Railey, six feet and two inches. Maganda ang pangangatawan nito, iyong tipong pangmodelo ang dating. Kasing-lamig naman ng yelo ang aura na bumabalot dito. Hindi na siya magtataka kung maraming babae ang naa-attract dito at isa na siya roon.

"Excuse me?"

Nagulat si September nang magsalita ito habang nakatingin sa kanya.

Tila ginapangan ng mga langgam ang mukha niya. Hindi niya namalayan ang paglapit nito sa kanya.

"W-what?" napakurap na tanong niya.

"Dude, lakas-tama yata sa 'yo," sabad ng isang chinitong lalaki sa likuran ng kausap niya. Sinundan ng tawanan ng dalawa pa ang sinabi nito.

Lalong uminit ang mukha ni Seph. Ganoon ba siya ka-obvious tumitig?

"Nakaharang ka sa daan," saad ng binata na mukhang naiinip na. "Hanggang kailan mo ba balak

tumayo d'yan at titigan ako?" dugtong pa nito at muling nagtawanan ang mga kaibigan nito.

"I'm not—"

"Whatever," putol sa kanya ng guwapong estranghero. "Now, step aside," utos nito sa maawtoridad na boses.

Sumunod kaagad siya at nagpatuloy na sa pagpasok ang apat na binata sa maliit na tindahan.

"Sandali lang," habol ni September at pinilit ang sarili na makabawi sa pagkapahiya. "Pa'no naman 'yong kotse mo? Puwede bang ayusin mo muna? Nakaharang kasi sa kotse ko at nagmamadali ako."

Kunot-noong nilingon siya nito at mataman na tinitigan sa mga mata. Hinagod siya ng tingin ng binata mula ulo hanggang paa at muling ibinalik sa mukha niya ang tingin. Sa pagkakataong iyon niya napansin ang magagandang pares ng mata na mayroon ito. Deep-set at expressive. Naisip niya na kahit siguro ang pinakamagaling na pintor sa buong mundo ay hindi kayang kopyahin ang napakagandang expression ng mga matang iyon.

Hindi niya namalayan nang gumalaw ito at walang permiso na kinuha ang isang kamay niya. Napakislot siya nang mahawakan siya nito,

naramdaman niya ang kakaibang sensasyon na biglang bumalot sa buong katawan niya. May inilagay ito sa palad niya bago iyon binitawan. Nalipat sa kamay niya ang kanyang tingin. Tila naguluhan siya nang makita ang ibinigay nito sa kanya.

"That's three thousand, that should be enough," sabi nito at saka tinawag ang chinitong lalaki. May kinuha itong susi mula sa kausap. "Take this, ikaw na lang ang mag-park ng sasakyan sa kabila," parang wala lang na sabi nito na tila sanay na sa ganoong set-up. Tinalikuran na siya nito.

Biglang napalitan ng inis ang paghanga niya rito. *At ginawa mo pa 'kong utusan. Ano'ng tingin mo sa 'kin, ha?* Tiningnan niya ang kanyang kamay na may hawak na ilang pares ng limang daan at susi ng sasakyan.

"Teka!" sigaw ni Seph sa binata. Ngali-ngaling batukan niya ito.

"Kung ako sa'yo hindi ko na siya hahabulin, hindi kasi 'yan mahilig sa mga babae…" nakangising singit ng chinitong lalaki. "Ikaw na'ng bahala mag-ayos sa kotse namin. Nagmamadali ka, hindi ba?" Humalukipkip pa ito habang natatawang nakatingin sa kanya. "O kung gusto mo, makipagkuwentuhan ka na lang muna sa 'min." Tinapunan siya nito ng

makahulugang tingin.

"Oo nga, Miss Beautiful..." sang-ayon ng isang kasama nito na mala-Bob Marley ang dating, pinabata nga lang na version at higit na mas guwapo.

*Ang sarap sakalin ng mga 'to!* "No, thank you!" Nag-iinit ang magkabilang tainga ni Seph nang lagpasan niya ang mga ito. *Ipag-park pala, ha?*

Pumasok siya sa loob ng kanyang Volvo at binuhay ang engine ng sasakyan. Pinaandar niya ang kotse at binunggo ang nasa likuran nito. Hah! Buti nga sa inyo! Tinamaan ang pintuan ng pulang *BMW M3* at nagkaroon ng visible na gasgas sa pintura.

Biglang naglabasan ang apat nang marinig ang malakas na tunog ng alarm ng kotse.

"You, crazy b*tch!" hiyaw sa kanya ng chinito. Nakasabunot ang mga kamay nito sa buhok at tila maiiyak sa nakita. Ito marahil ang may-ari ng kotse.

Nagbunyi siya sa pagkapanalo laban sa mga ito. "Oops, sorry," sarcastic na sabi niya at saka lumabas sa sasakyan. "Oh! Nagasgasan ko yata ang kotse n'yo," saad niya na parang concerned sa kotse ng mga ito.

Lumapit siya sa chinito na namumutla ang

mukha. "Here, sorry about your car." Ibinigay niya rito ang pera at susi na hawak niya. "That should be enough." Humalukipkip siya. "Now, move it!"

MALUNGKOT na atmosphere ang dinatnan ni September pagpasok ng kotse niya sa villa, idagdag pa ang maulap na kalangitan. Marami ring sasakyan na nakaparada sa labas nito. Sinalubong kaagad siya ni Nanay Rosie na siyang tagapamahala ng villa. Makikita sa mukha nito ang labis na lungkot dahil sa nangyari, pero nagawa pa rin nitong ngitian siya. Tinawag nito ang anak na si Julio upang tulungan sila sa pagbubuhat ng mga dala niyang gamit.

Nang maibaba ang kanyang mga bag sa tabi ng malaking kama sa silid na madalas niyang gamitin kapag nagbabakasyon siya roon, iniwan na sila ni Julio.

"Mabuti at nakapunta ka, hija," saad ni Nanay Rosie. Nasa cincuenta años na ito at medyo malaking babae. Matagal na rin itong nagsisilbi sa Ninong Al niya. "Ang mama mo, hindi mo ba kasama?" usisa nito habang tinutulungan siyang ilabas ang mga gamit mula sa bag.

"Hindi po, eh. May launching kasi ang magazine

kaya…"

"Ah, gan'un ba? Siguradong hindi rin inaasahan ng mama mo ang nangyari. Kami nga din dito, h-hindi pa rin makapaniwala na wala na ang ninong mo…." Naputol ang sinasabi nito at nag-umpisa nang umiyak.

"Nanay Rosie." Nilapitan niya ito at hinagod ang likod.

"Ang buti niya sa 'ming lahat. Kahit kailan, hindi naging iba ang turing niya sa amin." Sinundan nito iyon ng hikbi. "Naku, pasensya ka na, hija." Nagpahid ito ng luha at saka humarap sa kanya. "Teka, nakalimutan ko. Dadalhan na lang kita dito sa kuwarto ng makakain, siguradong nagugutom ka na. Sandali lang ha."

Tumango si September at lumabas na ito ng kuwarto. Umuulan pagtingin niya sa bintana. Mukhang nakikidalamhati rin ang langit. Naging napakabuting kaibigan at ama-amahan sa kanya ng kanyang ninong.

Napabuntong-hininga siya nang maalala ito. Tapos na siya sa pag-iyak, umiyak na siya nang labis noong nasa bahay siya. Hindi kasi niya gusto na may makakita sa kanyang pagluha.

Nagpatuloy siya sa pag-aayos ng gamit pagkatapos ay naisipan niyang magbabad sa tubig. Ilang minuto pa at lumabas na siya ng bathroom, sakto namang dumating na si Nanay Rosie dala ang pagkain.

"Siya nga po pala, 'Nay, nasaan na po 'yung anak ni Ninong? Dumating na po ba?" usisa niya habang kumakain.

"Si Señorito? Oo, nagulat nga kaming lahat dito. Hindi kasi siya tumawag para magpasundo sa airport. Kaninang umaga lang siya dumating. Pero umalis din kaninang tanghali kasama 'yung mga kaibigan niya at hanggang ngayon hindi pa bumabalik," umiiling na saad nito at halatang disappointed. "Kawawa naman ang Señor, siguradong hindi maaasikasong mabuti ang mga naiwang negosyo." Nagbuntong-hininga ito.

Naisip ni September na itanong dito kung bakit ngunit minabuti niyang huwag nang patagalin ang nakikita niyang disappointment sa mukha ng kausap.

Sa halip ay iba ang itinanong niya. "Hindi ko pa nga po pala nakikita ang anak ni Ninong. Magkamukha po ba silang mag-ama?"

“Kamukha siyang kanyang ina. Napakaguwapong bata, pero ’yung ugali namana sa ninong mo—matigas ang ulo,” natatawang sabi nito. “Siguro kaya hindi sila magkasundo.”

“Pero mabait naman po si Ninong Al, ah. Bakit hindi sila magkasundo?”

“Hindi ko nga rin alam. Nagsimula kasing maging rebelde ’yung batang iyon nang mawala ang Señora. Si Señor ay masyadong dinamdam ang nangyari. Hindi na rin sila masyadong nag-uusap na mag-ama simula noon. Hanggang sa lumayo nang lumayo ang loob nila sa isa’t isa.” Napailing ito.

Nang matapos siyang kumain ay lumabas na rin si Nanay Rosie sa silid. Naiwan siyang mag-isa sa malaking kuwarto habang tuloy pa rin ang malakas na pag-ulan sa labas. Kompleto ang gamit doon, parang isang suite sa mamahaling hotel. May malaking bintana na aabot ang taas hanggang kisame. Kita roon ang dagat.

Hindi lingid sa kaalaman ni September na mayaman ang mga ito. Matalik na magkaibigan ito at ang ama niya. Siguradong magkasama na ang dalawa sa langit ngayon at nagkukumustahan.

Nang matapos mag-toothbrush ay nagpasya

siyang matulog nang maaga. Humiga siya sa malaking kama at unti-unting nakatulog.

# 2

Makalipas ang dalawang araw ay inihatid sa huling hantungan ang mga labi ng yumaong señor. Hindi nagpakita ang anak nito roon. Kung kailan ito muling magpapakita ay tanging ito lamang ang nakakaalam.

Nakadama ng awa si September para sa kanyang ninong dahil hanggang sa huli ay binigo ito ng nag-iisang anak. Ganoon ba kalayo ang loob nito sa ama para magawang hindi ito puntahan? Hindi niya lubos na maisip na may ganoong klase ng tao na nagkikimkim ng galit sa taong itinuring na niyang ama, lalo na at sariling anak pa nito iyon. Her Ninong Al possesed one of the purest hearts in the world; iyon ang pagkakakilala niya rito at alam niyang tama siya sa bagay na iyon.

“Seph, hija, tayo na sa sasakyan,” yakag sa kanya ni Rosie habang hawak ang itim na payong.

Sila na lang ang naiwang nakatayo sa puntod ng matanda nang biglang umambon. Tumango siya at sumama rito patungo sa naghihintay na kotse. Nang makasakay ay agad itong pinaandar ng driver. Mula sa sinasakyan ay may napansin siyang lalaki na

nakaitim na lumapit sa puntod ng kanyang ninong. Sigurado siyang hindi ito isa sa mga kamag-anak na nasa villa. Hindi man niya nakita ang mukha nito ay nakasisiguro siya. Wala kasi sa mga ito ang may ganoong tindig at pangangatawan. Tiningnan niyang mabuti ang misteryosong lalaki hanggang sa lumayo na ang kanilang sinasakyan at mawala na ito sa kanyang paningin.

"YOU! YOU'RE THAT crazy b*tch na bumunggo sa kotse ko!" paratang sa kanya ng pamilyar na lalaki pagdating ni September sa villa. Matangkad ito, maputi at chinito! May kasama itong isa pang lalaki na patuloy sa paglalaro ng *PSP* at parang walang pakialam sa nangyayari.

"Just my luck," aniya. "What are you doing here?" Pinilit niyang itago ang pagkagulat.

"Hey, I should ask you that same question." Sinamahan nito ng ngisi ang tanong na iyon at saka humalukipkip. "So isa ka pala sa mga kamag-anak ni Tito." Tumawa ito. "Im sure, magugulat si Jake kapag nakita niya kung sino'ng nandito ngayon sa villa niya." Pagkasabi niyon ay tumatawang tumalikod na ang mga ito sa kanya.

Naiwan siyang tulala. "Oh, shucks! This can't be..." naibulong niya nang maisip ang posibilidad na ang mga ito ang sinasabi ni Nanay Rosie na barkada ng señorito. Kung ganoon, isa sa apat na iyon ang anak ng ninong niya. *Kapag mamalasin ka nga naman!* Nakagat niya ang ibabang labi sa naisip.

Dala ng panic ay agad siyang umakyat at pumasok sa kanyang kuwarto. Kailangan niyang makaalis kaagad sa villa. Kinuha niya ang kanyang bag at nagsimulang mag-impake ng gamit. Siguradong hindi magiging maganda para sa kanya kapag nagharap silang dalawa ng bagong may-ari ng villa. Hindi pa naman maganda ang unang pagkikita nila. Wala siyang mukhang maihaharap kapag nagkataon. Nasa ganoon siyang ayos nang pumasok si Nanay Rosie. Nagtatakang nilapitan siya nito; may bakas ng pag-aalala ang mukha.

"Anak, saan ka pupunta? Aalis ka?" usisa nito.

"Kailangan ko po kasing umalis, may emergency po kasi," pagsisinungaling ni Seph habang patuloy sa pag-iimpake. Pumasok siya sa banyo para kunin ang iba pang gamit. Sinundan siya nito.

"Ipinapatawag ka ni Attorney Dominguez sa library," anito habang nakasunod sa kanya.

Napatda siya at napapihit. "Bakit daw po?" nagtatakang tanong niya.

"Ang alam ko kasi, ngayon babasahin ang last will and testament ni Señor," saad nito. "Pumunta ka na doon."

Pumasok si Seph sa library na may nadaramang pagkailang sa mga tao sa loob. Ang totoo ay hindi naman talaga siya dapat na nandoon. Pamilyar na mga mukha ang inabutan niya sa loob. Pagkaupo niya sa bakanteng silya ay nag-umpisa na sa pagbasa ang abogado sa dokumentong hawak nito. Inikot niya ang kanyang paningin sa mga naroroon. Tahimik ang mga ito habang pinakikinggan ang abogado. Kaunti lang sila sa loob, isang matandang babae at limang matatandang lalaki. Napansin niyang wala sa loob ng silid ang kahit na sino sa apat na binata na nakabungguan niya. Nakaramdam siya ng relief, pero naiwan pa rin sa kanya ang kagustuhang makita kung sino sa apat ang anak ng ninong niya.

Ang mga bahay-bakasyunan, maliliit na negosyo at ibang lupa pati na rin time deposit ang narinig niyang ipinamana sa mga kamag-anakan ng kanyang ninong. Nabigyan ang anim na naroroon na mukhang wala namang kaso sa kanila kung mabigyan man o hindi. Marahil ay hindi na kailangan ng mga ito ang

mana?

Mayamaya ay narinig niyang bumukas ang pinto sa likuran niya. Nilingon niya ito at eksaktong iniluwa niyon ang isang napakaguwapong lalaki. Her heart stopped beating at the very sight of him; it seemed to expand inside her chest. May nakapa siyang tuwa pagkakakita sa binata. Para siyang teenager na hindi mapakali sa upuan pagkakakita sa crush nito. Disgusted with herself, wala sa sarili na naipilig ni September ang ulo. Dumerecho ang binata nang hindi siya tinitingnan at umupo sa bakanteng silya di-kalayuan sa kanya.

Tumikhim ang abogado at ipinagpatuloy ang pagbabasa, "Para naman sa aking nag-iisang anak na si Jacob, mamanahin niya ang lahat ng aking natitirang pag-aari, kasama ang mga negosyo. But this will is in effect only when the heir meets the requirement. May kondisyon bago niya makuha ang lahat ng aking ari-arian."

"Are you kidding me?" Kalmado lang ang boses ng binata, pero may kaunting inis.

"Una, ang aking anak ay kailangang lumipat ng tirahan sa mas maliit na lugar na ibibigay ng aking pinagkakatiwalaang abogado. Pangalawa, regular siyang papasok bilang empleyado sa isang kainan

na pagmamay-ari ng aking napakiusapang kaibigan; ito ay sa loob ng anim na buwan. Pangatlo, bawal siyang matanggal sa trabaho. Ito ay upang—"

Naputol ang pagbabasa ng abogado nang tumayo ang binata. "Nonsense! Ako ang tagapagmana, nag-iisang anak! Damn it! Ano'ng kalokohan 'yan?" hindi na nakapagtimping anito na tila galit na tigre ang hitsura.

Nagulat ang ibang tao na naroroon. Nagsimula ang mahinang bulungan sa loob ng silid. Higit na nagulat ni September. Halata sa binata na hindi ito nasisiyahan sa mga naririnig.

"—upang matutunan ang iba't ibang bagay sa pagnenegosyo at malaman ang hirap ng bawat gawain," pagpapatuloy ng abogado na parang walang narinig mula sa binata. Wala rin sa mukha nito ang epekto ng galit ni Jacob. "Kung hindi man pumayag ang aking anak sa kondisyon na ito, ang aking ari-arian ay mapupunta sa aking inaanak na si September Olivarez."

Nagtinginan sa kanya ang lahat ng tao sa loob ng silid. Hindi niya gustong sumingit sa anumang gulo sa pagitan ng kanyang namayapang ninong at ng anak nito. Ang maging tagapagmana nito ang pinakahuling bagay na maiisip niya.

Tumingin sa kanya si Jacob nang may pang-aakusa. "I get it! This is your idea, isn't it?" paratang sa kanya ng binata.

Hindi nakasagot si Seph. Siya man ay nabigla rin sa mga narinig.

"Kung ang aking anak ay maisipan na kusang isuko ang kayamanan, makatatanggap siya ng point zero five percent mula sa mana. Ang matitira naman ay mapupunta sa aking inaanak."

"Great! That's just f*cking great!" saad ng binata at padabog na tumayo. Dinuro nito ang abogado. "You're fired! Damn it!"

"You have no right to fire me," kalmadong sagot ng lawyer habang inilalagay sa loob ng itim na attache case ang mga dokumento. "Kailangan mong sundin ang will kung gusto mong makuha ang—"

"Damn you!" galit na sigaw ng binata sa abogado.

Nagtayuan ang mga tao roon at lumabas ng silid. Nagbubulungan pa rin ang mga ito. Pagkasara ng pintuan ay hinarap siya ng galit na binata. Nakamamatay ang tingin na ipinukol nito sa kanya.

"Don't act na parang wala kang alam dito. Baka akala mo hindi ko alam na matagal ka nang

sumisipsip sa papa ko." Nakatitig ito sa kanya. Namumula sa galit ang mukha nito.

"A-ano ba'ng sinasabi mo d'yan? Ni hindi mo nga ako kilala," she mumbled. Iniiwas niya ang paningin dito.

"Oh, I know exactly who you are. Isa kang nobody na bigla na lang mangunguha ng bagay na hindi sa 'yo!" anito sa mataas na tono.

"Jerk!" balik ni Seph.

Tumikhim ang abogado upang makuha ang atensyon nilang dalawa. "Here's the address na pupuntahan mo." Iniabot ng abogado ang papel sa binata, ngunit nang matanto nito na walang balak na kunin ng kausap ang papel ay ipinatong na lamang iyon sa mesa. "Call me when you need help."

"You can go to hell! Magsama kayong dalawa!" sagot ni Jacob. Lumabas ito ng silid at padabog na isinara ang pintuan.

"Miss Olivarez, ikaw na sana ang bahala na mag-supervise sa kanya," mayamaya ay sabi ng abogado sa kanya nang maiwan silang dalawa.

"Huh? B-bakit?" Kumunot ang noo niya.

"Sa diner ninyo siya magtatrabaho."

HINDI PA RIN makapaniwala si September sa mga nangyari. Ayaw niyang ipasok sa isip na totoo ang mga narinig niya kanina. Paano ito nagawa ng kanyang ninong sa kanya? Napakalaking gusot ang napasukan niya dahil dito. Siguradong magugulo ang buhay niya dahil sa will na iyon. Hindi niya hiniling dito na pamanahan siya ng kahit na ano. Napakalaking responsibilidad ang ipinatong sa kanya, lalo na ang pagbe-babysit sa anak nito. Hindi niya alam kung kakayanin niyang tuparin ang huling kahilingan ng namayapang matanda.

Ang nasabing diner ay ang *Sonia's Diner* na nasa Laguna, negosyo ito ng kanyang yumaong lolo. Ipinangako niya rito na siya ang bahala roon. Isipin pa lang niya na makakasama niya si Jacob doon ay kinikilabutan na siya. Paano naman kaya niya ito pakikisamahan? Siguradong araw-araw lang silang mag-aaway nito.

Huminto ang sasakyan niya nang mag-red light. Pauwi na siya sa bahay nila sa Alabang. Kahit na alam niyang aabutan siya ng dilim sa daan ay umalis pa rin siya. Hindi na siya makatagal sa villa; ayaw niyang makasama sa iisang bubong ang nakakatakot na binata na iyon. Paano ba nangyari na ang iilang piraso ng papel na iyon ay magdudulot sa kanya ng napakalaking problema?

Nakauwi si September nang hindi niya namamalayan. Agad siyang sinalubong ng maid nilang si Aling Nita at tinulungan sa pagbibitbit ng mga gamit.

"Si Mama po, nasaan?" agad niyang tanong dito nang makapasok sila ng bahay.

"Umalis kaninang umaga, may meeting daw. Para ngang ang dami niyang ginagawa ngayon."

"Ganoon po ba? Sige po, pakiakyat na lang po ang mga gamit sa taas," aniya. Agad na sumunod ang matandang kawaksi.

Dala ng pagod ay pasalampak siyang naupo sa sofa. Gabi na, pero hindi pa rin umuuwi ang kanyang ina. Madalas ay talagang gabi na ito nauwi, sanay na siya roon. Pero ngayon, kailangan niyang masabi ang nangyari sa villa. Kailangan niyang makuwentuhan ito ng gulo na napasok niya at kailangan niyang humingi ng payo mula rito.

Humiga si September sa mahabang sofa. Inunat niya ang katawan at naramdaman ang ginhawang idinulot niyon. Gusto niyang hintayin ang ina. Pero ilang minuto pa ang lumipas ay namigat na ang kanyang mga mata at unti-unti na siyang nakatulog.

"HINDI mo p'wedeng gamitin ang sasakyan," sabi ng abogado kay Jacob nang ipahanda ng binata ang kotse sa driver.

"Ano pa ba ang ginagawa mo dito?" angil niya. Agad na kumulo ang dugo niya nang makita ito. Wala siyang panahon para makipaglokohan dito ngayon. Pakiramdam niya ay pinagkakaisahan siya ng lahat. "Hindi ba't sinabi ko nang tanggal ka na? K'unin mo na ang suweldo mo at umalis ka na!"

"Jacob, hindi lang ang sasakyan ang hindi mo puwedeng gamitin. Hindi ka rin maaaring manatili sa villa, sa penthouse at sa mga bahay na pag-aari ng iyong ama. You can't use anything na binili o ginamitan ng pera niya. Kasama na dito ang mga kotse at condo unit mo." May inilapag itong puting sobre sa center table. "Pumunta ka sa address na nasa loob. May maliit na bahay doon ang mama mo, puwede mo iyong gamitin. Malapit din 'yan sa papasukan mo. May pera din sa loob niyan, allowance mo," dagdag nito at saka umalis sa salas.

Dinampot niya ang papel na may kalakip na address ng lugar na pupuntahan niya. "Fine! Tingnan lang natin kung sino'ng mananalo sa 'tin," pabulong at nagpupuyos ang kalooban na aniya.

Desidido siyang makuha ang mana niya.

Karapatan niya iyon bilang nag-iisang anak nito. Hanggang sa huli talaga ay gustung-gusto siyang pinahihirapan ng ama. Siguradong pinagtatawanan siya nito saan man ito naroroon. Ngitngit na ngitngit ang kalooban niya. "Panoorin mo kung ano'ng gagawin ko sa pera mo."

Agad niyang inayos ang mga gamit na dadalhin. Balak niyang pumunta muna sa Manila kasama ang mga kaibigan. Magpapalipas muna siya roon ng ilang araw bago tumuloy sa Laguna. Hindi niya maaaring sabihin sa mga ito ang nangyayari; siguradong pagtatawanan lang siya. Mawala man ang lahat sa kanya, hindi niya hahayaang pati pride niya ay hindi niya man lang masagip.

# 3

Isang maliit na bahay ang itinuro kay Jacob ng isang matandang babae na naglalako ng kakanin nang tanungin niya. Kasalukuyan niyang hinahanap ang bahay na nasa address na ibinigay sa kanya ng abogado. Sa isang liblib na lugar sa bayan ng San Pablo, Laguna siya napunta. Maraming puno ng niyog doon, marami ring hayop katulad ng kambing, kalabaw at kabayo ang nakita niyang nakatali sa puno. Nilapitan niya ang lugar na itinuro ng matanda na napagtanungan.

Isa iyong lumang bahay na yari sa kahoy na mukhang itinayo pa noong panahon ng mga Kastila. Napaliligiran ito ng di-kataasang bakod na yari rin sa kahoy. Medyo malayo ang agwat nito sa ibang bahay.

Binuksan ni Jacob ang gate at pumasok sa loob ng bahay. Mababa ang kisame nito, masyadong maliit para sa kanya. Medyo masikip din sa loob, hindi kasing-ganda ng condo unit niya. Maayos namang tingnan ang salas kahit maliit. May gamit na sa loob puwera na lang sa TV at radyo. Isang mahabang sofa na nakaharap sa bintana ng kuwarto

ang laman nito. Mayroon din itong piano na hindi kalakihan at yari rin sa kahoy. May mesa sa gitna nito at bookshelf sa gilid ng pader.

May isa itong kuwarto na naglalaman ng isang maliit na kama, katabi nito ang isang mesa na may lampshade at antigong closet sa sulok. May bintana rin sa gilid nito. Nilibot pa niya ang ibang parte ng bahay. May kusina sa labas, kompleto sa mga gamit mula sa mga plato, baso, kutsara, kawali at iba pa. Ang lutuan nito ay kailangang gamitan ng panggatong o uling. Hindi rin kalakihan ang banyo ngunit gumagana pa naman ang gripo. Nang magdilim ay agad niyang binuksan ang ilaw. Gumagana ang kuryente na siyang ipinagpasalamat niya nang husto. Halatang ipinahanda na iyon ng abogado para sa kanyang pagdating.

Hindi niya akalain na sa mumunting bahay na iyon dating tumira ang kanyang ina. Alam niyang galing sa mahirap na pamilya ito, ngunit ni minsan ay hindi niya naisip na ganoon pala ito kahirap. Tahimik sa lugar at walang maririnig kundi huni ng iba't ibang insekto.

*Anim na buwan lang naman ang kailangan,* aniya sa sarili habang nakahiga sa maliit na kama.

"Tao po!" mayamaya ay tawag ng isang boses

mula sa labas ng bahay. Galing iyon sa isang babae. “Magandang gabi po!”

Mula sa bintana ng kuwarto ay tiningnan niya ang may-ari ng boses. Hindi niya ito masyadong maaninag kahit na bukas ang ilaw sa labas ng bahay. Nagpasya siyang lumabas upang puntahan ito. Nang mabuksan niya ang gate ay tumambad sa kanya ang nakangiting mukha ng isang may-edad na ale, may kasama itong batang babae. Mabilog ang matanda na sa tingin niya ay kasing-edad ni Aling Rosie sa villa. Ang kasama naman nito ay tila nasa sampu na ang edad.

“Hijo, mag-isa ka lang ba dito? Nabalitaan ko na may tumira na dito. Kilala ko kasi ang dating may-ari ng bahay na iyan,” kuwento nito habang inaaninag na mabuti ang mukha niya. Hindi nawawala sa mukha nito ang ngiti.

Hindi siya sumagot, tiningnan lang niya ito.

“Heto nga pala. Nagdala ako ng pagkain, pa-welcome namin sa iyo iyan.” Inabot nito sa kanya ang isang maliit na bilao. “Kung may kailangan ka, huwag kang mahihiyang sa amin lumapit, ha? Ay, napakaguwapong bata mo pala,” natatawa nitong komento. Ang kasama naman nito ay ngumiti sa kanya. “Ay, sige, ’yun lang. Mauna na kami sa iyo.”

Nagsimula nang maglakad ang mga ito palayo. Madilim sa daan kaya may hawak ang mga ito na flashlight. Hindi sementado ang kalsada, madamo pa ang gilid nito. Kung ilalarawang mabuti ay napaliligiran sila ng mga puno ng niyog.

"Mag-iingat ho kayo..." habol niya sa dalawa, nailang tuloy siya bigla sa sarili. Naguluhan man sa nasabi niya ay binalewala niya iyon. Hindi siya sanay sa mga ganoong pakikipag-usap.

"Ikaw din, hijo..." sagot nito at nagsimula nang maglaho sa dilim ang dalawa.

Pumasok na siya sa loob ng bahay. Inalis niya ang takip sa bilao at nakitang pansit ang laman niyon. May kalamansi na rin itong kasama na hiniwa sa gitna.

Natawa si Jacob. Mga anghel ba ang nakatira dito? Ito ang lugar kung saan mabubuting tao ang nakatira. At isa sa mabubuting tao na iyon ang kanyang yumaong ina. Muling gumuhit sa kanya ang pait ng alaala sa kanyang pagkabata.

NAGULAT si September nang tawagin siya mula sa kusina ng waiter nilang si Pancho. Nang tanungin niya kung sino ang naghahanap sa kanya ay lalo pa

siyang nagulat sa isinagot nito. Nabitawan niya ang hawak na sandok na ipinanghahalo niya sa kanyang nilulutong sinangag. Tanghaling tapat kaya puno ngayon ang *Sonia's Diner*, ito ang oras kung saan abala silang lahat. Kahit na may kaliitan ang kainan na maaari lamang maglaman ng tatlumpong tao ay dinudumog pa rin ito. Malapit kasi ito sa isang malaking hospital. Karamihan sa mga customers nila ay nurses at doctors o mga nagbabantay sa kamag-anak na pasyente roon.

"Papasukin mo sa office," utos niya sa waiter. Agad itong kumilos.

Tinanggal niya ang suot na apron. Ipinasa niya ang niluluto sa isa pang kusinera. Kinalma niya ang sarili bago tuluyang lumabas ng kusina. Ito ang sandaling kinatatakutan niya. Tumuloy siya sa kanyang maliit na office. Doon, naghihintay ang binata na nagpasikip sa maliit na opisina. Hindi bagay rito ang inuupuan; masyado iyong maliit para sa isang matangkad na tulad nito. Masyado rin itong makisig para bumagay sa lugar. Mas bagay itong maging customer sa isang class na Italian restaurant. Naputol ang kanyang iniisip nang lingunin siya ng lalaki.

Tumayo ito nang makita siya. "Hanggang

kailan mo ba ako balak paghintayin dito?" kunot ang noong reklamo nito. "Ang init dito alam mo ba 'yun?" Naglandas ang pawis sa noo nito.

Napabuntong-hininga si September. Wala pa ring ipinagbago. "Ganyan mo ba babatiin ang boss mo? I see you're here to work." Lumapit siya sa kanyang mesa at saka umupo sa upuan sa likuran niyon. Sinenyasan niya itong maupo sa harap niya ngunit nanatili itong nakatayo.

"Ready ka na ba? Kailan mo gustong mag-umpisa?" tanong niya. Nagkunwari siyang may inaayos na mga papel sa mesa upang iwasan ang tingin ng lalaki.

"The sooner, the better," maikling sagot ni Jacob.

"Okay. May experience ka ba—er, I mean nagtrabaho ka na ba ganitong klase ng lugar?" Nagtaas siya ng tingin dito.

"Mukha ba akong may experience sa ganyan kababang trabaho? And besides, may sarili akong chef," sagot nito. "At kung kakain lang din ako sa labas, hindi sa ganito ka-cheap na lugar."

"Well, nagtatanong lang naman ako. Wala kasi akong maisip na trabahong ibibigay sa 'yo."

"Wala nga ba? O baka..." May ibinulong itong hindi niya naintindihan.

"Sige, since na wala kang alam sa mga ganitong trabaho, gagawin kitang manager, okay?" sarkastikong sabi niya.

"Manager?" Kumunot ang noo ni Jacob.

Tumayo siya at ibinigay ang mop dito. "Floor manager, congratulations. Iyung-iyo ang position na 'yan. Tamang-tama nga ang dating mo," nang-aasar na sabi niya. "P'wede ka nang mag-start tomorrow, six o'clock."

"Nagpapatawa ka ba? O nang-aasar ka lang talaga? Ako? Gagawin mong janitor?" inis na sagot nito. "I can't believe this! This is f—king ridiculous!"

"Please watch your tongue, young man. Ayoko ng ganyang attitude dito. And besides, sinabi mong wala kang experience kaya 'ayan… ang pinakamadaling trabaho dito—tagalinis." Madilim ang mukha nito, pero hindi niya pinansin. "Ikaw ang maglalampaso ng sahig, magliligpit ng mga pinagkainan, magtatapon ng basura. At kapag wala ka nang ginagawa, pagbuksan mo ng pinto ang mga customers na darating, okay? And don't worry, I'll be watching you, of course." Inis itong nakatingin sa

kanya. Tila walang balak kunin ang mop na hawak niya. "Okay lang naman kung ayaw mo, maghahanap na lang ako ng iba. Baka naman kasi sabihin mo, pinipilit kita. Kaso wala nang ibang vacant position dito..."

"Fine! Bukas, babalik ako..." Nagbuntong-hininga ang lalaki at saka aktong lalabas ng opisina nang pigilan niya.

"May nakalimutan nga pala akong sabihin sa 'yo," habol ni September.

"What?" inip na tanong nito.

May kinuha siyang plastic sa ilalim ng kanyang mesa. Iniabot niya iyon sa binata. "Isuot mo 'yang uniform. Hindi kasi p'wede 'yang suot mo."

Mabilis nitong tinanggap ang plastic at inis na tiningnan siya. Nang makalabas ito ng opisina ay umupo siya at napasandal siya sa kanyang swivel chair. Nagbuntong-hininga si Seph. Hindi siya makapaniwala na nasabi niya iyon sa binata. Kunsabagay, madali lang para sa kanya ang umarteng matapang. Palagi niya iyong ginagawa sa mga suitors ng mama niya.

Naalala niya ang sinabi sa kanya ng ina nang ikuwento niya rito ang nangyari sa reading ng last

will and testament. Ibinalita niya rin na sa diner nila magtatrabaho ang anak ng kanyang ninong.

*"Anak, tiisin mo na lang. Pakisamahan mo kapag dumating. I'm sure hindi 'yan ibibigay sa 'yo ng ninong mo kung alam niyang hindi mo kaya ang ipagagawa niya," anito. "And besides, anak siya ni Al. So sa tingin ko, mabuti naman siyang tao. Ang balita ko napakaguwapo ng anak ng ninong mo, ayaw mo n'un? Ibang mukha ang makikita mo sa diner, siguradong dadami pa ang customers!" excited na sabi ni Emily.*

*"Guwapo nga, ang sama naman ng ugali," reklamo ni Seph.*

*"Hayaan mo na, magbabago din 'yon," tila siguradong sabi nito.*

KINABUKASAN, maagang pumunta sa *Sonia's Diner* si September upang tumulong sa pagluluto. Isa iyon sa mga masasabing skills niya. Binalak niyang kumuha sana ng kursong culinary ngunit napagpasyahan niyang management na lang para sa negosyo na balak niyang itayo sa hinaharap. Alas cinco pa lang ng madaling-araw nang tumingin siya sa kanyang wristwatch, pero batid niyang marami nang customers sa ganoong oras.

Ipinarada niya ang kanyang sasakyan sa gilid ng kainan. Dali-dali siyang pumasok sa diner pagkababa ng sasakyan. Tumunog ang nakasabit na maliit na bell nang buksan niya ang pintuan. Sinalubong siya ng waiter nilang si Enrico habang si Pancho ay nakita niyang naghahatid ng pagkain sa customer na nakaupo sa pinakasulok ng kainan.

Katulad ng inaasahan ay marami na ngang tao roon.

"Good morning po," bati sa kanya ni Enrico.

"Good morning," sagot niya. Dumerecho siya sa kanyang opisina at inayos ang hindi pa tuyong buhok. Hindi niya ito nagawa pang patuyuin sa bahay dahil sa pagmamadali. Itinaas niya iyon at itinaling mabuti.

Pagkatapos ay pumunta na siya sa kusina upang tumulong sa pagluluto. Si Anita na mas matanda sa kanya nang anim na taon ang kasama niya roon. Hindi ito nakatapos ng pag-aaral dahil sa kahirapan, high school lang ang naabot nito. Galing ito sa probinsya ng Quezon at napadpad sa lugar nila. Naghahanap ito ng mapapasukan at mabait naman kaya tinanggap niya nang walang alinlangan. Bukod doon, magaling itong magluto. Kasama rin nila ang tagahugas ng pinggan na si Paolo, mas bata ito sa

kanya nang limang taon. Katulad ni Anita ay hindi rin ito nakatapos ng pag-aaral.

Makalipas ang ilang oras ay tinawag siya ni Pancho dahil may naghahanap daw sa kanya. May ideya na siya kung sino iyon.

"You're right on time," bati niya rito.

Katulad ng dati ay hindi nabawasan ang kakisigan ni Jacob kahit na suot na nito ang uniporme na ibinigay niya. Mukhang mas nadagdagan pa nga ang dating nito dahil sa mabango at malinis nitong ayos. Hindi niya mapigilan ang mapatanga rito nang malaglag ang ilang hibla ng basang buhok nito sa noo; parang kay sarap hawiin ng mga iyon. Ilang beses na naipilig niya ang ulo. Mabuti na lang at hindi sa kanya nakatingin ang binata.

"Why? Ini-expect mo bang male-late ako?" sarkastikong sabi nito habang iniikot ang paningin sa buong kainan.

Natawa lang si Seph. Masyadong maganda ang mood niya para maasar. Kaunti na lang ang kumakain sa diner nang oras na iyon. Tinawag niya sina Pancho, Enrico, Anita at Paolo upang ipakilala ang bagong dating na binata.

"May bago tayong makakasama sa trabaho. This

is Jacob—"

"Jake," pagtatama ng binata sa kanya.

"Okay. This is Jake dela Vega, isa siyang malapit na kaibigan ng pamilya namin," patuloy niya. Nakatitig ang mga ito sa binata, manghang-mangha na animo nakakita ng nakakabilib na performance sa circus. Puno ng admirasyon at paghanga na may kahalong pagtataka ang ekspresyon ng mga mukha ng mga ito.

"Magsisimula siyang magtrabaho ngayong araw." Tumingin siya sa binata. "Jake, this is Anita, Paolo, Pancho and Enrico," pakilala niya. "'Yun lang, so pwede na tayong bumalik sa mga puwesto natin." Nang hindi gumalaw ang apat ay tumikhim siya. Tila nagulat ang mga ito at isa-isang bumalik sa mga naiwang puwesto maliban kay Paolo.

"Ahm... Ate, p'wede po ba kayong makausap sandali?" tanong nito.

"Oo naman, ano ba 'yon?"

"P'wede po ba akong umuwi muna ngayon? Birthday po kasi ni Nanay, eh," paliwanag nito.

"Ah. Gan'un ba? Sige, 'yun lang pala." Kinuha niya ang wallet sa bulsa at dumukot ng pera roon.

"Heto, ibili mo ng regalo ang nanay mo, ha. Bumili ka na rin ng cake. Pakisabi happy birthday," nakangiting sabi niya rito. Tuwang-tuwa na tinanggap nito ang perang inabot niya at saka masayang nagpaalam.

"You really shouldn't do that," saad ng binatang nasa tabi niya. Nanatili ito roon at pinanood ang eksena.

"Ang alin?" nagtatakang tanong ni Seph.

"Masasanay ang mga tauhan mo kapag masyado kang mabait sa kanila. Sino na ngayon ang papalit sa puwesto ng batang 'yon?" nakangising tanong nito sa kanya.

Nginitian niya ito at makahulugan na tinitigan. "Eh, di ikaw."

"HINDI GANYAN," aniya habang pinagmamasdan si Jacob sa paghuhugas ng pinggan. Kasama niya ito sa loob ng kusina. "Linisin mong mabuti," utos niya.

Halatang hindi ito sanay sa ganoong gawain. Nakasuot din ito ng pink na apron. Cute na cute siya rito kaya kahit na masungit ito ay nagagawa pa rin niyang ngitian. Natatawa siya habang pinapanood ito sa ginagawa.

"Banlawan mong mabuti. Amuyin mo kung amoy sabon pa. Kung oo, banlawan mo ulit," patuloy niya.

"Ang dami mong inuutos. Bakit hindi na lang kaya ikaw ang gumawa nito?" singhal ni JAke.

"Kung ako ang gagawa n'yan, sino'ng magluluto? Ikaw? Kaya mo ba?"

Magkasalubong ang mga kilay nito nang tumingin sa kanya. "Puwede ba, 'wag mo nga akong pinagmumukhang walang alam. Ano ba'ng tingin mo sa 'kin?" Tiningnan nito ang platong sinasabunan. "Ang dami-dami nitong ipinapagawa mo sa 'kin," reklamo pa nito.

Natatawa siyang sumagot, "You'll survive. Alam mo ba kung ano'ng sabi sa 'kin ni Attorney? Kailangan daw, huwag kong palalampasin ang anim na buwan nang wala kang ginagawang effort man lang. Dapat ka daw matuto."

"Pinagkakaisahan n'yo 'kong dalawa. Hintayin n'yo lang kapag natapos ako dito," bulong ng lalaki.

"Oo na, bilisan mo na d'yan. Malapit nang dumating 'yung ibang customers. Tanghali na, hindi ka pa tapos d'yan," pang-iinis niya.

"Pa'no ko naman matatapos 'to, pinapaulit mo palagi sa 'kin. Umaabuso ka na masyado. P'wede ka namang bumili ng dishwasher, sa 'kin mo pa pinapagawa 'to. This is f*cking embarrassing."

Hinampas niya ito sa balikat. "Ano'ng sabi ko tungkol sa mga ganyang words, ha? Kung ayaw mong magtrabaho, sabihin mo sa abogado na suko ka na para wala ka nang problema."

Napalingon ito sa kanya. "Oh, I get it now. This is your way to get rid of me, isn't it?" Hinaluan nito ng pangdidiri ang tingin sa kanya. "Para masolo mo ang mana."

Tinuktukan niya ito ng sandok sa ulo. "Pa'no kung gan'un nga? Ano'ng gagawin mo? Ayusin mo na lang 'yang ginagawa mo. Bilisan mo d'yan, tama na ang reklamo. Sa ayaw at sa gusto mo, ako ang masusunod dito," matapang na saad ni September. "Reklamo ka nang reklamo d'yan, maganda nga 'yan para may matutunan kang ibang bagay. Maranasan mo kung paano ang mautusan at magbanat ng buto!"

May ibinulong itong hindi niya naintindihan. Nagpatuloy siya sa pagluluto kasama si Anita. Nakangiting nagkatinginan sila nito.

"Anak-mayaman?" pabulong na tanong sa

kanya ng babae habang nakatingin sa nakatalikod na lalaki.

"Oo, hindi ko nga alam kung ano ba'ng gagawin ko d'yan. Tingnan mo, walang kaalam-alam sa kusina."

"Ahh…" Umiling ito. "Pero guwapo," tila kinikilig na sabi nito at saka sinulyapan ang binata.

Napangiti lang si September at nagpatuloy sa ginagawa. Sino nga ba ang hindi makakapansin sa kaguwapuhan ni Jacob? Ito na yata ang pinakaperpektong nilalang na ginawa ng Diyos, huwag nga lang isama ang ugali sa usapan.

Dumagsa ang order makalipas ang ilang minuto. Mga lutong ulam naman ang ginagawa nila. Nang matapos ay tumulong siya sa pagse-serve sa mga customers. Tumulong din siya sa paglilinis at pagdadala ng mga pinagkainan sa kusina. Tinulungan niya ang binata sa paghuhugas ng mga gamit na plato, kutsara at baso. Kung ikukumpara kanina ay mabilis na itong maghugas ng mga pinagkainan. Ipinagpasalamat niya na mabilis matuto ang binata.

Nagpaalam sa kanya si Anita upang bumili ng isang kinulang na panahog sa di-kalayuang tindahan. Mahabang katahimikan ang dumaan sa pagitan ng

naiwan sa kusina na sina Jacob at September.

“Jake, pumunta ka nga pala dito nang alas cuatro nang umaga bukas. May pupuntahan tayo.”

Nakakunot ang noo na tiningnan siya nito. “Nagpapatawa ka ba? Sino ba’ng gumigising nang ganoon kaaga?” maangas na tanong nito. “Ayoko, iba na lang ang isama mo.” Kahit talaga kailan hindi siya pinangilagan ng binata.

“Alam mo naman sigurong puwede kang masesante sa trabaho kung hindi ka susunod sa ’kin, hindi ba? Bahala ka, ikaw rin. Kapag hindi mo natapos ’yung six months na—”

“Sinasabi ko na nga ba,” putol ni Jacob sa kanya. “Balak mo talaga simula pa lang noong una na pahirapan ako para mapasa’yo ang mana,” nagngingitngit na singhal nito.

Hindi niya pinansin ang galit na mukha nito. Pinamaywangan niya ito at matapang na pinagsabihan. “Okay, sabihin na lang nating ganoon nga.” Nang-aasar na nginitian niya ito. “Ano ngayon ang balak mo? Magrereklamo ka sa abogado? Magsusumbong ka na inaapi kita—” Natigilan siya nang makita ang pagtiim ng mga bagang ng binata at ang nakamamatay na tingin na pinupukol nito sa

kanya. Bahagya siyang nakaramdam ng takot dito.

"We'll see about that, Miss Olivarez." Kalmado ang boses nito ngunit nakapagtataka na puno ito ng galit at pagkamuhi. "Hinding-hindi ko aatrasan ang hamon mo at sisiguraduhin ko na ikaw at hindi ako ang matatalo sa bandang huli." Iyon lang at mabilis na siya nitong iniwan sa kusina.

Nanlalambot na napaupo si Seph sa isang plastic chair sa tabi ng maliit na mesa. Napakabilis ng pagtibok ng kanyang puso. Ganoon katindi ang idinulot sa kanya ng matalim na tingin ng binata. Kasama na roon ang mga sinabi nito. Tila mayroon itong isa pang itinatagong katauhan sa loob nito. Ganoon ba katindi ang galit ni Jacob dela Vega sa kanya? Nakapagtataka naman. Mukha ba talaga siyang isang oportunista para sa binata?

Napabuntong-hininga si September. Siguro sa susunod ay pipigilan na niya ang pang-aasar dito. Paano kaya niya paaamuhin ang isang katulad nito na mukhang mas nakakatakot pa kaysa sa tigre? Kaya pala iniwan ng kanyang ninong ang will na may ganoong kondisyon ay para mapagbago ang ugali ang anak nito.

# 4

"Hello, Seph! Sweetheart!" masiglang bati ng kanyang mama sa telepono. Kahit kailan ay masayahin ito.

"Hi, Ma, 'musta?" Inilalagay niya sa loob ng oven ang isang tray ng ginawa niyang chocolate chip cookies. Mag-a-alas nueve na ng gabi nang tawagan siya nito. Madalas nila itong gawin para mapagkuwentuhan ang nangyari sa buong maghapon nila.

"How's your day, honey?"

"Ugh. Not bad... I think."

"Oh, tell me all about it." May pag-aalala sa boses ni Emily.

Bumuntong-hininga siya. "I don't know, Ma. I don't want to talk about it...." Paano nga ba niya sasabihin sa ina ang naging pag-aaway nila ni Jacob sa unang araw palang ng pagpasok nito. Na pinaratangan siya nitong isang oportunista at matindi ang galit nito sa kanya? Sa tuwing maiisip ang mga bagay na iyon ay sumasakit ang ulo ni Seph at pumapangit ang mood niya. Napagpasyahan

niyang mag-bake ng cookies para gumanda ang pakiramdam niya at para makalimutan na rin ang mga nangyari.

"It's okay, pumpkin."

Natawa siya. Iniba na niya ang usapan at itinanong ang tungkol sa launching ng bagong magazine issue. Hindi naman dahil sa interesado siya sa event, ayaw lang niya na sa kanya umikot ang usapan. Tumagal nang ilang minuto ang kuwentuhan nila sa telepono. Naunang nagpaalam si September. Idinahilan niya ang tungkol sa maaga niyang pagpasok sa diner.

Nang maibaba ang telepono ay inilagay niya ang hindi na nagawa pang kainin na mga cookies sa isang jar. Nang matapos ay umakyat na siya sa kuwarto sa itaas ng bahay upang matulog.

INIP NA NAGHIHINTAY si September kay Jacob sa tapat ng kanilang kainan. Alas cuatro na ng madaling araw ay wala pa rin ang binata. Wala ba itong balak na sumunod sa inutos niya kahapon? Siya ang nakatoka na mamili ng ingredients sa pagluluto at naisipan niyang isama ito upang siyang magbitbit ng mga pinamili. Ang totoo niyan, halinhinan sila ni

Anita sa pamimili, isinasama nito si Pancho bilang taga-bitbit. Si Paolo naman ang madalas niyang isinasama. Ngunit dahil wala si Paolo kahapon ay naisipan niyang si Jacob na muna ang ipalit dito.

Lumipas ang sampung minuto, pero wala pa rin ito. Nagtatalo ang isipan niya kung dapat na ba siyang umalis o hintayin pa ito. Baka naman na-traffic lang ito o kaya ay walang masakyan. O baka naman naaksidente? Pero puwede ring tulog pa hanggang ngayon ang ugok na iyon.

*Baka naman wala ka talagang balak na siputin ka?* Kung anu-ano pa ang naisip niyang dahilan kung bakit wala pa ito roon.

Napapitlag siya nang may biglang tumapik sa balikat niya.

"Jeez! Ginulat mo 'ko. Hindi kita narinig na dumating," kinakabahan na sabi ni September. When she saw his handsome face, she very nearly sighed like a lovesick teenager.

"You didn't hear because you were daydreaming."

Namula si September sa sinabi nito. "Ganoon ba?" Napangiti siya.

Sinagot nito ng pilit ang ngiti niya. "S'an mo ba

ako balak dalhin ngayon at ang aga-aga mo ’kong pinagising?”

“You’ll see…” aniya at saka pumara ng tricycle.

“Hindi mo ba gagamitin ang kotse mo?”

“Hindi. Baka kasi mangamoy sa loob ng kotse ang mga bibilihin natin.”

Tumaas ang isang kilay nito at saka humarap sa kanya. “Bibilihin?”

Tumango siya at saka sumakay sa tricycle na tumigil sa tapat nila. Sumakay na rin ito at pinaandar na iyon ng driver. Magkatabi silang nakaupo sa loob noon. Amoy niya ang mabangong perfume nito. Sa labas nakatingin ang binata kaya sinamantala niya ang pagtitig sa mukha nito sa salamin sa itaas ng tricycle. Matagal niya itong pinagmasdan kaya naman nagulat siya nang bigla itong sumilip sa salamin na tinitigan niya.

*Huli ka!* Bigla siyang nag-iba ng direksyon na tiningnan. Pulang-pula ang mukha niya at hindi na muli pang sumilip sa salamin.

Pagkalipas ng sampung minuto ay bumaba sila sa tapat ng pamilihang bayan ng San Pablo. Binayaran niya ang pamasahe nilang dalawa at

pumasok sa loob ng palengke. Nalukot ang ilong ni Jacob. Marahil ay naamoy nito ang lansa ng iba't ibang itinitinda roon. Sa isdaan sila unang tumigil. Pinigilan niya ang pag-angat ng kamay nito na sana ay ipantatakip sa ilong.

"Hindi ka pa nakakapasok sa loob ng palengke, 'no?"

"Kung alam ko lang na dito mo 'ko dadalhin, hindi na lang sana ako pumunta" reklamo nito na tila hirap huminga.

"Umayos ka nga. Ikaw ang magbibitbit ng mga pinamili natin mamaya."

"Sinasabi ko na nga ba, masama ang kutob ko dito."

"Welcome to the real world!" Tumawa siya nang mahina nang makita ang lukot na ilong ni Jacob.

"NAPAKAKURIPOT mo pala," sabi ng binata na ang tinutukoy ay ang pakikipagtawaran niya sa mga tindera. "Nakakahiya kang kasama. Pinagtitinginan tayo doon sa loob, hindi mo ba pansin?"

"Hindi naman. Lahat ng tao ginagawa iyon kapag namimili sa palengke. Hindi ka pa kasi nakakapunta

d'un." Pumasok si September sa loob ng pinarang tricycle. Sumunod ito bitbit ang lahat ng pinamili.

"Saka hindi ako ang pinagtitinginan d'un, ikaw." Itinuro pa niya ito.

"Bakit ako?"

"Tingnan mo nga 'yang suot mo."

"Ano'ng masama sa suot ko?"

"Mukha ka kasing..."

"Ano?"

"Hindi normal."

Natawa ito nang mahina.

"Really! Mukha kang artista sa suot mo. Mamahalin pa ang tatak."

"Palagi namang ganito ang suot ko kahit saan ako pumunta."

"Hindi sa palengke. Kaya tuloy ang mahal ng singil sa 'tin kanina."

"Mahal na ba 'yon? Sobrang mura kaya."

Siningkitan niya ito ng mata. "Mahal kaya. Kaya nga ako nakipagtawaran."

"Hindi iyon mahal," pakikipagtalo ni Jake. "Kuripot ka lang talaga."

"Ano ba'ng alam mo sa mga presyo? Puro mura lang naman para sa 'yo ang lahat ng mga binibili mo, mayaman ka kasi."

Napatingin ito sa kanya, pero wala nang sinabi. Lumingon ito sa labas. Mukhang wala na itong balak na umimik pa. Napabuntong-hininga siya nang malalim.

PAGPASOK NILA sa diner ay alas cinco quince na kaya naman dali-dali niyang inayos ang mga ingredients. Nasa loob na sina Pancho, Enrico at Anita ngunit wala pa rin si Paolo. Mayroon na ring ilang customers na nag-uumagahan doon.

Nagsimula na sa pagtakbo ang oras at sila rin ay naging busy sa kani-kanilang ginagawa. Si Jacob ang muling pumalit sa puwesto na naiwan ni Paolo. Tahimik lamang ito sa paghuhugas ng mga pinggan. Makalipas ang ilang oras ng katahimikan sa loob ng kusina ay nabasag iyon nang may narinig silang nabasag na pinggan sa labas.

Dali-dali niyang iniwan ang niluluto at patakbong lumabas ng kusina. Isang nabasag na

pinggan ang nakita niya sa sahig sa tabi ng upuan ng isang lalaking customer. Tumayo ang tila galit na customer at sinita si Pancho. Lumapit siya at gumitna sa dalawa.

"Ano'ng nangyari dito?" kinakabahang tanong ni September. Nag-aalalang tiningnan niya ang namumutlang mukha ni Pancho.

"'Etong lokong 'to, tinapunan ng sauce ang damit ko!" galit na reklamo ng customer. Nagtinginan ang ibang tao sa kanilang tatlo.

"Hindi ko naman po sinasadya. Nag-sorry na nga po ako—" paliwanag ni Pancho.

"So gan'un lang 'yon? Sorry? Tingnan mo nga 'tong damit ko! Tatanga-tanga kasi!" sabi ng may kalakihang lalaki na nasa edad na mahigit treinta.

"Kaya nga po nagso-sorry, hindi ko naman po sinasadya." Napataas na rin ang tono ng nagtitimping si Pancho.

Lumapit ang galit na mama sa kanina ay namumutlang si Pancho, napalitan na ng galit ang expression sa mukha nito. Siguradong away ang kahahantungan ng dalawa kung hindi niya ito pipigilin. Dinig niya ang bulungan ng iba pang customers na nahinto sa pagkain. Ramdam niya ang

pagtingin ng mga ito sa kanila.

Naging mabilis ang mga pangyayari. Hindi niya alam kung sino sa dalawa ang nakabunggo sa kanya. Muntik na siyang mapahiga sa sahig, mabuti na lang at may sumalo sa kanya. Nakita niya ang nag-aalalang mukha ni Jacob na halos kadikit na ng mukha niya. Tinulungan siya nitong makatayo at tiningnan ang dalawang lalaki sa harapan nila. Ramdam ang tensyon sa loob ng kainan.

Hinawakan ni Jacob sa balikat ang galit na customer. Naiwan siya sa likuran ng binata di-kalayuan sa mga ito. Mayamaya ay lumapit si Anita sa kanya.

"Pare, h'wag naman dito," sabi ni Jacob sa lalaki gamit ang maawtoridad na boses.

"H'wag mo nga akong mapare-pare." Itinulak nito at dinuro ang umaawat na si Jacob. "H'wag ka ngang makialam dito. Bakit hindi ka na lang bumalik sa trabaho mo?!" sigaw nito. Muli nitong itinulak ang binata palayo. "Mga walang pinag-aralan!"

Nagulat si September sa sumunod na nangyari. Nakita na lang niya na nagsusuntukan na ang dalawa. Ang unang suntok ay nagmula kay Jacob. Tinamaan ang galit na customer sa mukha. Hilo itong tumayo.

Sumugod ito ng suntok upang gumanti. Naiwasan naman ito ni Jacob. Para siyang nanonood ng pelikula nang mga sandaling iyon. Naramdaman na lang niya na nag-alisan na ang ibang customers sa loob ng kainan. Agad na lumapit si Enrico upang umawat, tumulong din si Pancho. Siya naman ay parang napako sa kanyang kinatatayuan.

"JACOB dela Vega! P'wede ka nang lumabas," malakas na tawag ng pulis sa nakakulong na binata.

Nagreklamo ang customer na sinuntok nito sa mga pulis. Agad pinayansahan ito ni September, binayaran din niya ang mga nagastos sa ospital ng lalaking nabugbog nito. Dahil sa nangyari ay isinara muna niya ang *Sonia's Diner* at pinauwi ang mga tauhan niya.

Hinintay niya ang binata sa labas ng police station. Wala siyang mabasang emosyon sa mukha nito nang makita niya. Lumabas ito at tumigil sa tabi niya.

"Are you okay?" tanong niya rito.

"Totoo ba 'yang pag-aalala mo?" sarkastikong sagot ni Jake; hindi pa rin nagbabago sa pakikitungo sa kanya.

"Mukhang okay ka naman. Pinag-alala mo 'ko…"

"Yeah, right." Nakakunot ang noo nito nang humarap sa kanya.

"Ayaw mong maniwala?"

"Nababaliw ka na." Nagpatuloy ito sa paglakad at iniwan siya.

"Saan ka pupunta?" habol ni September.

"Uuwi na," sagot nitong ni hindi siya nilingon.

Hinabol niya ito at pilit na sumabay sa paglakad nito. "Ihahatid na kita, saan ka ba nakatira?"

"None of your business," masungit na tugon nito.

"Why are you always like this?" pangungulit ni Seph.

"Like what?"

"Snob and stubborn…"

"I'm not a snob, I just don't like you," mariing sabi ng lalaki.

"Sinabi nang ihahatid na nga kita!" pagpupumilit pa rin niya habang sinusundan ito.

Hinarap siya nito. Mas lalo siyang nanliit pagtingala niya sa mukha ng binata.

“Alin ba sa mga sinabi ko ang hindi mo naintindihan?” tila iritadong tanong nito. “Ang ayoko sa lahat ’yung pinipilit ako sa hindi ko gusto—kaya ayoko sa ’yo. Pati ba naman dito sa labas, uutusan mo pa rin ako? Nakakasawa na ’yang pagiging bossy mo. Sana matapos na ang anim na buwan para makuha ko na ang mana ko at makalayo na sa miserableng lugar na ito!”

Natahimik si September. Nasaktan siya sa sinabi nito sa di-maipaliwanag na dahilan. Parang pinisil ang puso niya sa narinig. Ang akala niya ay maayos na ang lahat, na okay na silang dalawa. Naging maganda naman ang pakikitungo nito sa kanya kaninang umaga. Pero bakit biglang nagbago? Ang akala niya ay magkaibigan na silang dalawa. Gusto lang naman niyang maging maayos ang lahat sa pagitan nila.

Hindi ang katulad niya ang mahilig maglapit ng sarili sa ibang tao, lalo na sa isang lalaki. Anak ito ng taong itinuring na niyang ama kaya hindi naman masama kung subukan niyang kaibiganin ito. Ito ang unang beses na ginawa niya iyon at ito ang napala niya.

Siya naman kasi itong isang gaga at kalahati para umasang magiging close din sila balang araw. Halata namang ayaw nito sa kanya simula pa lang. Still, kahit na karibal ang tingin ni Jacob sa kanya, gusto pa rin niyang mapalapit dito. Ang totoo niyan hindi rin niya alam kung bakit.

Nang sabihan siya ni Jacob na hindi siya nito gusto, napahiya siya, hindi lang sa binata kundi maging sa sarili niya. Isang oportunista ba talaga ang tingin nito sa kanya? Ganoon kababa?

"Kaya huwag mo na lang akong pakialaman, okay?" dugtong pa nito.

"You stupid… Jerk!" pikon na sabi niya. Sinuntok niya ito sa dibdib ngunit imbis na masaktan ay nagulat lang ito sa ginawa niya.

Napaupo si September at itinago ang mukha na malapit nang maiyak sa kanyang mga tuhod. Niyakap niya ang mga binti. Hindi niya napigilan ang paghagulhol ng iyak. Childish mang tingnan ay wala siyang pakialam.

"Bakit ka naman umiiyak d'yan? Ako na nga ang sinuntok mo—"

"Ang sama mo…" aniya sa pagitan ng mga hikbi. Ayaw talaga niyang umiyak; pinakikita kasi niyon

na mahina siyang babae. Noon pa man ay iyakin na talaga siya at mahirap siyang patahanin kapag naumpisahan na niya iyon.

Naramdaman niyang ipinatong nito ang isang kamay sa likod niya. Ang isang tuhod nito ang nakaluhod.

“Tahan na, pinagtitinginan na tayo dito. Baka akalain pa nila kung ano’ng ginawa ko sa ’yo,” bulong nito sa kanya, halatang hindi alam ang gagawin. “Please naman tumahan ka na, sige na.”

“Kasalanan mo ’to,” akusa niya habang hindi pa rin tumitigil sa pag-iyak.

“Bakit ako?” Narinig niya itong bumuntong-hininga. “Sige na, sorry na. Please stop crying,” tila hirap itong sabihin ang mga iyon. Dumukot ito ng panyo sa bulsa at ibinigay sa kanya.

Kinuha niya iyon. Pinunasan ni Seph ang basang pisngi niya at mata. Mabango ang panyo nang amuyin niya. Amoy pabango ng lalaki; hindi masakit sa ilong hindi katulad ng iba. Kailangan lang pala niyang umiyak para palambutin ang puso nito. Mabuti naman at may itinatagong kahinaan ang lalaking ito.

“Napakaiyakin mo pala,” tukso nito at hinimas

ang ulo niya na parang isa siyang bata.

Tiningnan niya ito at natawa siya. Hindi niya alam kung bakit, basta natatawa lang siya. Mukha na tuloy siyang baliw.

Nakita niyang pinilit nitong itinago ang ngiti sa pamamagitan ng pagsasalubong ng mga kilay. "Siguro may sayad ka nga. Kanina lang umiiyak ka, ngayon naman tumatawa ka na. Hindi kita maintindihan."

Alam niyang natatawa ito ngunit itinatago lang. Tumawa siya at saka tumayo. Hawak pa rin niya ang mabangong panyo nito.

"Alam mo para kang sira," ani Jacob na tumayo rin. "Dapat sa 'yo dinadala sa mental." Inilagay nito ang magkabilang kamay sa bulsa ng pantalon nito.

"Kung ako sira, ikaw naman uto-uto," nakangiting sagot niya. Hindi naman ito makapaniwala sa sinabi niya. Bago pa man ito makapagsalita ay inunahan na niya. "Tayo na," yakag niya. Nauna na siyang naglakad patungo sa kanyang kotse.

"At bakit naman ako sasama sa 'yo?"

"Pumasok ka sa loob ng kotse kung ayaw mong mapahiya ulit," pananakot niya.

Natigilan ito at mayamaya ay sumunod din. Nang makaupo siya sa harap ng manibela ay pumasok na rin ito at naupo sa gilid niya.

"All kinds of people are pissing me off today," pabulong na litanya nito.

Umiiling na natawa si September sa sinabi nito. Ito naman ay tiningnan lang siya nang may ekspresyon sa mukha na nagsasabing, 'I can't believe this'.